Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Matapos pa ang pagtatalakayan ay inatasan ng kapulungan ang Pambayang Ingat-Yaman na ihandang muli ang isang kasunduan.

Inalam din ni Kag. Dungao kung maari pang tumanggap ng mga kahilingan ng pagtitinda ang ibang tao sa tabi ng liwasan. Ipinaliwanag ni Kag. Perez na di na nararapat sapagka't di naman kaila sa kapulungan na labag ito sa itinatadhana ng batas at kung kaya lamang ito ay pinapayagan ng bagong pamunuan ay dahilan sa ito ay pinag-abutan na. Ang paliwanag ay kinatigan ni Kag. Puzon.

Sa puntong ito ay ipinaalam ni Kag. Almodovar ang isang petisyon na isinulit sa kanya ng mga samahan ng mga may-ari ng trycicle na humihiling na ang buwis ng mga pampasaherong trycicle ay babaan mula sa pinagtibay na halagang ₱52.00. Iminungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Gironella na ipagpaliban ang pagtalakay sa petisyon at sa halip ay anyayahan ang mga namumuno sa mga samahan sa isang bukas na pulong na gaganapin sa nakatakdang Di-Pang-kumaniwang pulong sa Ika-11 ng Mayo, 1988.

Sa pagpapatuloy ng pulong ay pinagtibay ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. XXXII-'88
(Sa mungkahi ni Pang. Punumbayan Dictado na pinangalawahan ni Kag. Tapangco)

APPROVED:
RESOLUTION No. 428, T. 1988
PROVINCIAL BOARD
Agosto 2, 1988

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng paglalaan ng halagang SIYAM NA RAAN (₱900.00) PISO upang ilaan sa upa sa tapuhan ng basura ng bayan sa loob ng tatlong buwan (Mayo, Hunyo at Hulyo).

Ang palaan ay magmumula sa anumang aytem sa Taunang Palaan na maaring iliwat.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

KAUTUSANG BAYAN BLG. XXXIII-'88
(Sa mungkahi ni Pang. Punumbayan Dictado na pinangalawahann ni Kag. Dungao)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng paglalaan ng halagang APAT NA PU'T ANIM NA LIBO ISANG DAAN ANIM NA PU'T ISANG PISO AT DALAWAMPU'T LIMANG SENTIMO (₱46,161.25) mula sa Kabang Bayan upang iukol sa sumusunod:

APPROVED:
RESOLUTION No. 428, T. 1988
PROVINCIAL BOARD
Agosto 2, 1988

ROBERTO R. GONZALES, Punumbayan
ANTONIO B. DICTADO, Pangalawang Punumbayan
EMILIO M. TIONGCO, Kagawad
ADELO T. PEREZ, Kagawad
ANTONIO G. DUNGAO, Kagawad
RUFINO P. TAPANGCO, Kagawad
AVELINA R. GIRONELLA, Kagawad
ERIC T. PUZON, Kagawad
RESTITUTO C. ALMODOVAR, Kagawad
URIEL T. MANGAHIS, Kagawad